American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-08, Issue-12, pp-50-61
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Sulat-Suri sa mga Balak ng Junior High School: Pagdalumat sa Patriotismo

[1]Joyce C. Torion , [2]Mark B. Galdo
[1]*Teacher, Paku National High School*
[2]*Faculty, Southern Leyte State University – Tomas Oppus*

**ABSTRAK :** Tunguhin ng pag-aaral na ito ay masuri at mailarawan ang patriotismong napapaloob sa bawat balak na isinulat ng mga mag-aaral sa Junior High ng Paku National High School. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong paraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuring pangnilalaman (content analysis) gamit ang konsepto ng patriotismo bilang pundasyon sa pagsusuring ito, kung saan tinutumbok ang mga tema, isyu at values na napapaloob sa isinulat na balak. Sa mga akdang balak na isinulat ng mga piling mag-aaral, napapalooban ito ng mga uri ng patriotismo: **personal** *(Ginikanan o 'Magulang'),* **official** *(Paghigugma sa Nasod o 'Pag-ibig sa Bayan'),* **environment** *(Gugma sa Dios, Dili Matupngan o 'Pag-ibig ng Diyos, Di Mahihigitan'; Hagawhaw o 'Bulong' at Pinalanggang nasod o 'Mahal na Bayan');* **icon** *(Nasod Ko, Sud-ungan Ta o 'Bayan ko, Masdan Mo'),* **nationalist symbolic** *(Pagkahuman sa Piniliay o 'Pagkatapos ng Eleskyon'),* **symbolic** *(Respeto o Paggalang),* at **capital patriotism** *(Pagsinati o Karanasa).* Samakatuwid, ang pitong (7) uri ng patriotismo ay umiiral sa mga isinulat na balak. Batay sa resulta sa pag-aaral na ito, magkatugma ang uri ng Patriotismo na napapaloob sa may-akda at tugon ng mga tagapakinig. Bukod dito, kakikitaan pa rin ng ibang uri ng patriotismo sa bawat akda mula sa tugon ng tagapakinig nito. Malaking bagay ang pagkakabuo ng Kalipunan ng Sampung Natatanging Balak bilang awtput na kung saan maaaring gamitin bilang Lunsaran sa Pagtuturo. Ang balak ay isang natatanging akdang panrehiyon ng Kabisayaan na maaring magbigay ng instrumento upang mas makilala ng mga kabataan ang tunay at tanging puso ng pagiging patriotiko.

*The aim of this study was to assess and describe the patriotism embodied in each intention written by the Junior High School students of Paku National High School, Paku, Bontoc, Southern Leyte. This study used the qualitative research method in the form of content analysis, using the concept of patriotism as the foundation of this analysis, which focuses on the themes, issues, and values contained in the written intention. In essays written by selected students, it includes the types of patriotism:* ***personal*** *(Ginikanan o 'Magulang'),* ***official*** *(Paghigugma sa Nasod o 'Pag-ibig sa Bayan'),* ***environment*** *(Gugma sa Dios, Dili Matupngan o 'Pag-ibig ng Diyos, Di Mahihigitan'; Hagawhaw o 'Bulong' at Pinalanggang nasod o 'Mahal na Bayan');* ***icon*** *(Nasod Ko, Sud-ungan Ta o 'Bayan ko, Masdan Mo'),* ***nationalist symbolic*** *(Pagkahuman sa Piniliay o 'Pagkatapos ng Eleskyon'),* ***symbolic*** *(Respeto o Paggalang), and* ***capital patriotism*** *(Pagsinati o Karanasa). Therefore, seven (7) types of patriotism exist in written intentions. Based on the results of this study, the type of Patriotism embodied by the author and the response of the listeners are compatible. Moreover, a different kind of patriotism can still be seen in each work by the response of its listeners. The formation of the Collection of Ten Unique Plans is a big thing as an output that can be used as a Teaching Launch. The poem is a unique regional work of the Visayas that can provide an instrument for the youth to better recognize the true and only heart of patriotism.*

**MGA SUSING SALITA:** *balak, Bisaja, content analysis, patriotismo*

## I. INTRODUKSYON

Isang salik na nag-aambag sa pagbuo ng isang matatag at may kakayahang lipunan ang patriotismo. Sa ganitong pangyayari, kaakibat sa tunguhin ng patriotismo ang mga mag-aaral bilang pag-asa ng bayan at siyang maglalagay sa bayan sa minimithi nito. Kung kaya, ang ugnayan ng mga tao sa lipunan na kinabibilangan ng mga kabataan ay mahalaga sa pagbuo ng isang responsableng lipunan na may higit na pagbabago sa sarili at aktibong mamamayan sa lipunan.

Ito ay may kaugnayan sa layunin ng kurikulum sa Filipino na ninanais malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip at pagpapahalaga ng mga mag-aaral, higit sa lahat ang pagtataguyod ng patriotismong kamalayan at damdamin na tutugon sa mga akdang pampanitikan na sumasalamin nito. Dagdag pa nito, ang pagpreserba ng katutubong panitikang Bisaja ang balak.

Binanggit ni Nibalvos (2018), patay na o naglaho na ang akdang balak dahilan sa kawalan ng mga akdang pampanitikan na nalilikha sa wikang kinabibilangan nito ang wikang Bisaja at ang kawalan ng mga babasahing nailimbag o nailathala. Batid ng mananaliksik ang pagkakaroon ng krisis panliteratura kung saan napuputol ang tulay ng nakaraan, kasalukuyan at maging sa hinaharap. Hindi na masisilayan ang pinagmulan dahilan nang hindi na rin maibabahagi ang kaalaman sa susunod pang henerasyon. Ito ay kasalukuyang mga pangyayari na naranasan ng mananaliksik sa paaralang tinuturuan.

Bagkus, nakitaan ng mananaliksik sa kasalukuyang kurikulum ang hindi pagbigay-pansin sa mga makalumang panulaan tulad ng balak ng Southern Leyte, kahit na may ilang aralin sa asignaturang Filipino na tumatalakay sa panitikan ng Bisaya. Pinagtibay ito sa pag-aaral nina Green (2016), McAlister (2005) at Snapper (2013) na "*the place of poetry and verse has declined and the teaching of poetry seems to be impoverished".* Katunayan nito, sa tuwing gagamitin ng mananaliksik ang balak bilang lunsaran sa pagtuturo ay negatibo ang reaksyon ng mga mag-aaral dahil sa kalumaan at kahirapan nito sa pag-unawa sa bawat salita. Dahil dito, sa paniniwala nina Peters (2019) at Alieva (2018), ang bagong henerasyon ay nangangailangan ng malawak ng kapasidad upang maikintal sa isip at puso ng mga mag-aaral ang kamalayang patriotismo sa pamamagitan ng mga akdang panitikan tulad ng panulaan dahil sa ang patriotismo ng mga kabataan ay pababa nang pababa.

Ang pag-aaral ng akdang balak ay magsisilbing daan upang mapaibayo ang damdaming patriotismo ng mga mag-aaral lalo na sa bagong henerasyon. Napapansin ng mananaliksik at batay na rin sa kanyang karanasan kapag tinatanong ang mga mag-aaral kung ano ang balak, ang iba'y sasagutin ka pabalik sa madaling salita kulang ng kaalaman sa naturang akda. Isa rin nito ay mas nahuhumaling ang mga mag-aaral sa makabagong panulaan tulad ng *spoken word poetry* gayundin sa mga dayuhang teksto na isinalin sa Filipino. Nangangahulugan lamang na ang mga balak ay hindi na pinapahahalagahan, hindi na binibigyan ng pansin at nawawalan na ng interes ang mga mag-aaral sa nasabing akda. Ganoonpaman ang akdang balak ay bahagi ng kinagisnang kultura, masasalaming hindi na nakikitaan ng pagiging patriotismo sa sariling panitikan.

Kung kaya, naniniwala ang mananaliksik sa pamamagitan ng akdang balak masusuri ang iba't ibang uri ng patriotismong napapaloob nito. Natutukoy ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol balak at damdaming patriotismo batay sa mga paraan ng pag-aaral nito. Tinugon sa pag-aaral na ito ang patriotismong napapaloob sa mga isinulat na balak ng mga piling mag-aaral ng Junior High School bilang layon sa programa ng K to 12 kurikulum na kontekstwalisasyon at lokalisasyon.

Kaugnay nito, ang pag-aaral na ito ay magandang plataporma o instrumento na maipakita sa mga mag-aaral ang kanilang pagiging malikhain sa pagsusulat ng tula, sa pamamagitan din nito maibubuhos nila ang kanilang saloobin at emosyon patungkol sa paksang ibinigay. Kaakibat nito ang paghubog o *"democratically and constructively transferred"* sa mga mag-aaral ang damdaming patriotismo tungo sa mga akdang pampanitikan (Aziz, 2017). Higit sa lahat, sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, masusuri at mailarawan ang patriotismong napapaloob sa bawat balak na isinulat ng mga mag-aaral sa Junior High ayon sa uri ng patriotismo, pagkakatugma sa napapaloob na patriotismo sa mga natukoy ng tagapakinig at ang magiging awtput nito.

**Teoretikal at Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa teorya ni Aziz (2017), *the closest medium to inculcate patriotism in the hearts of children and youth is through education, particularly literary.* Kaakibat nito ang *K to 12 Kurikulum sa Asignaturang Filipino (R.A. 10533)* na ang localized o contextualization na kurikulum ay pagtuturo sa lahat ng asignatura ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral na mas mapahalagahan ang mga bagay na makikita misimo sa kanilang pook na ginagalawan. Nakatutulong din ito upang mabigyan ng kalayaan ang mga paaralan upang iangkop ang kurikulum sa lokal at iugnay ang nilalaman nito sa proseso ng pagtuturo sa kapaligirang lokal. Mapahalagahan ang biyaya at likas na kagandahan sa sariling pook.

Ang patriotismo ay tumutukoy sa pag-ibig sa bansa, na may pagbibigay-diin sa mga pinahahalagahan (values) at mga paniniwala. Isa ang panitikan, partikular ang balak bilang isang anyo ng panulaan na batay sa pag-aaral na ito ay isang matibay at makabuluhang instrumento tungo sa pagpapanatili ng damdaming Patriotismo ng isang bansa. Higit sa lahat pinakamadaling paraan upang mapalawak at manumbalik ang damdaming patriotismo ng mga mag-aaral sa sekundarya.

Mula sa pag-aaral ni Aziz (2017), Kelley (2006) at Al-Attas (2001), tinukoy ang iba't ibang uri ng patriotismo na nakapaloob sa akdang pampanitikan. Ang mga uri ng patriotismo ay gagamitin sa pag-aaral na ito upang lubos na mailahad sa bawat balak ang pagpapahalagang ito. Ito ay ang sumusunod: (1) *symbolic patriotism* na sumisimbolo sa madamdaming respeto at pagmamahal sa mga nasyunal na simbolo; (2) *nationalist symbolic patriotism* na tumutukoy sa isang indibidwal na nakapukos sa pagpapahayag ng kanyang saloobin, damdamin mapatungkol sa kalagayan ng bansa; (3) *personal patriotism* na tumutuon sa taong may mabuting pag-uugali na hindi na pinagsasabihan o *patriotic values* tulad ng pagrespeto sa nasyonal na simbolo; (4) *icon patriotism* kung saan ang isang indibidwal ipinakita ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng mabuting gawi na may positibong idudulot ng bansa; (5) *capital patriotism* tinutumbok ang pagpapahayag ng saloobin o ideya ng isang indibidwal para sa kapakanan ng buong bansa na magbibigay ng malaking dangal para sa imahe nito; (6) *environmental patriotism* tumutukoy sa pagmamahal ng isang indibidwal para sa kapaligiran; at (7) *official patriotism na n*akabatay ito sa pagsunod sa mga tuntunin ng pamahalaan at ng bansa.

Ang mga uring ito ay maaaring maging paksa sa bawat balak na isusulat ng mga mag-aaral. Isang patunay ito na ang balak ay isa sa ginagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na bahagi ng *Learning Competency* na napapaloob sa panitikan ng Visayas. Ang akdang Balak ay isa sa halimbawa ng tula na halos hindi na napapahalagahan ng mga mag-aaral kung saan pinagtutuunan ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng pagsusulat ng balak at pagtatanghal nito sa madla, magiging behikulo ito upang muling mangibabaw ang damdaming Patriotismo ng mga piling mag-aaral ng Mataas na Paaralan ng Paku.

**Metodolohiya**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong paraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuring pangnilalaman (content analysis) sa konsepto ni Neuman (2001) gamit ang konsepto ng patriotismo bilang pundasyon sa pagsusuring ito, kung saan tinutumbok ang mga tema, isyu at values na napapaloob sa isinulat na balak.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mula sa baitang pito (7) hanggang baitang sampu (10) na mag-aaral sa Junior High School ng Paku National High School, Paku, Bontoc, Southern Leyte sa taong panuruan 2019-2020. Tiglilimang kalahok na tagasulat ang kinuha bawat baitang. May kabuuang dalawampung (20) kalahok ang nakuha ng mananaliksik na sumulat ng balak. Ang mga kwalipikadong kalahok ay ang top performing o nangungunang mag-aaral sa asignaturang Filipino na may angking galing sa kasanayang pagsusulat.

Kumuha ang mananaliksik ng tigsasampung (10) mga mag-aaral bawat baitang mula 7 hanggang 10 na siyang mga tagapakinig o audience sa pagtatanghal ng naisulat na balak na may kabuuang apat-napung kalahok bilang tagapakinig o awdyens. Ang mga mag-aaral na ito rin ay may magandang marka sa asignaturang Filipino. Kumuha rin ng tatlong (3) tagapagsuri upang matingnan ang nilalaman ng mga bawat na isinulat.

Ang mga nabanggit na mga balak ang siyang sumasailalim sa pagsusuri gamit ang inihandang matriks ng mananaliksik alinsunod sa paraang pagsusuring pangnilalaman ng balak partikular sa patriotismong napapaloob..

Bilang katibayan sa pagsusuri, isinulat ang bawat balak na isinulat ng mag-aaral. Itinala at nilagyan ng bilang bawat taludtod ng bawat balak sa madaliang pagtukoy at pagkilala sa mga salita o pahayag na nagpapahiwatig ng patriotrismo. Pagkatapos, tiningnan ang bawat saknong ng balak. Itinala at kinulayan ang mga linyang nalalahad ng uri ng patriotismo.

Upang matugunan ang panghuling suliranin ng pag-aaral, iniuugnay ang resulta ng uri ng patriotismo mula sa may-akda, eksperto at tagapakinig sa ganoon makita kung may pagkakaiba ba ang mga ito o may pagkakatugma ba ito sa isa't isa. Sa bahaging ito, isinasagawa ang masusing pagbabasa sa teksto ng balak pagkatapos kinilala ang mga mahahalagang sipi na susuporta sa nakitang resulta. Pangwakas, pinagsama-sama ang magkakauri at magkakaugnay na resulta.

## II. Resulta at Diskusyon

Inilahad sa bahaging ito ang mga uri ng patriotismong napapaloob sa mga isinulat na mga balak ng mag-aaral ng Junior High School sa Paku National High School. Ang talakayan ng pagsusuri sa pag-aaral na ito ay sumisentro sa mga uri ng patriostimo na umiiral sa sampung (10) balak.

**Mga Uri ng Patriotismo na Napapaloob sa mga Isinulat na Balak**

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang mga balak at uri ng patriotismong napapaloob sa mga sampung (10) akdang balak na isinulat ng mga piling mag-aaral sa Paku National High School. Ang mga balak na ito ay napapalooban ng mga uri ng patriotismo. Sa sampung balak, apat (4) na balak ang kakikitaan ng *environment patriotism*. Tag-iisa (1) naman sa mga sumusunod na patriotismo – *personal, official, icon, nationalist symbolic, symbolic,* at *capital patriotism.* Samakatuwid, ang pitong (7) uri ng patriotismo ay umiiral sa mga isinulat na balak.

Ang sampung natatanging balak ang naging basehan sa pagtukoy ng mga tagasuri kung anong uri ng Patriotismo napabilang ang akda. Ang tugon ng tagasuri ay gabay upang malaman ang pagkakatugma o mayroon bang pagkakaiba sa tugon ng tagasulat. Masasabing sa sampung natatanging balak, magkatulad ang tugon sa uri ng Patriotismo ng tagasulat at tagasuri.

**Talahanayan 1.** *Mga Uri ng Patriotismo na Napapaloob sa mga Isinulat na Balak*

| | Mga Balak | Tagasulat | Tagasuri |
|---|---|---|---|
| 1 | **Gugma sa Diyos, Dili Matupngan** | Environment | Environment |
| 2 | **Ginikanan** | Personal | Personal |
| 3 | **Paghigugma sa Nasod** | Official | Official |
| 4 | **Nasod Ko, Sud-ungan Ta** | Icon | Icon |
| 5 | **Kalibutan, Ampingan** | Environment | Environment |
| 6 | **Pagkahuman sa Piniliay** | Nationalist Symbolic | Nationalist symbolic |
| 7 | **Respeto** | Symbolic | Symbolic |
| 8 | **Pagsinati** | Capital | Capital |
| 9 | **Hagawhaw** | Environment | Environment |
| 10 | **Pinalanggang Nasod** | Environment | Environment |

Ang pitong (7) natatanging uri ng patriotismo [*environment patriotism*. *personal, official*, *icon, nationalist symbolic, symbolic,* at *capital patriotism*] na napapaloob sa mga balak na isinulat ng mga piling mag-aaral ay isa-isang inilalahad sa sumusunod na mga paglalarawan.

***Environmental Patriotism***

Mula sa sampung akdang balak na isinulat, ang balak na "***Gugma sa Diyos, Dili Matupngan"*** o *'Pag-ibig ng Diyos, Hindi Matutumbasan'*, ***"Kalibutan, Ampingan****" o 'Mundo'y Ingatan,* ***"Hagawhaw"*** *o 'Bulong'* **at *"Pinalanggang Nasod" o*** *'Bayan kong Mahal'* ay napapalooban ng environmental patriotism.

Ang apat na akdang ito ay nakasentro sa pagmamahal at pagpapa-unlad sa kapaligiran. Kung saan, isa ito sa mga pangunahing katangian ng environmental patriotism.

Ang pag-ibig sa Poong Maykapal ay isang malaking gampanin ng tao. Ito ay isang bagay na hindi na kailangan ng pagpapaliwanag dahil nakaugat na ito sa ating pagkanilalang. Lahat ng mayroon tayo sa kasulukuyan ay ipinagkaloob Niya sa tao. Sa siping saknong mula sa ***"Gugma sa Diyos, Dili Matupngan"*** ni K1:

*O! Kahajag sa buwan sa gabiing mahilom*
*Mga kabataan puno sa ilang pahiyum*
*Ang sidlak sa bitoon ng nagkijum-kijum*
*Nagpamatuod sa gugma sa Ginoo nga langitnon.*

Ipinapaliwanag ng may-akda na hindi nawawala ang paggalang at pagpapahalaga ng mga kabataan sa kapaligiran na ibinigay ng Panginoon. Isang patunay na ang kamalayang patriotismo ay walang sukatan, hindi lang para sa sarili, sa buong bayan, sa buong mundo kundi ang pagbibigay-galang sa Dakilang Lumikha. Isinasaad din ng akda na ito ang mga bagay na ipinagkaloob ng Panginoon sa tao at ang nakaatang na tungkulin na gagampanin ng tao sa pag-aalaga at pagpapayaman sa mga bagay na kaloob Niya. Ayon nga sa kabuuang pahayag ng tagasuri "Ang sanlibutan ay biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa buong sangkatauhan."

Ang patriotismo ay mahalaga para sa kapaligiran, sa mga mamamayan at minsan ay nangangailangan ng pagsasakripisyo sa sarili (Cafaro, w.p. 2016). Ito ang binigyang-diin sa kabuuang akda na makikita sa siping saknong mula sa balak na isinulat ni K5 na pinamagatang ***"Kalibutan, Ampingan"*** o *'Mundo'y Ingatan'*:

*Isip usa ka tawo*
*Kita mismo dapat kamao*
*Nga ang atung kalikupan dapat limpyu*
*Ag angayan mulihok, walay lain kundi ikaw mismo*

Inilahad ng may-akda ang pagpapahalaga niya sa kapaligiran at maging sa kalikasan. Aniya, sa kasalukuyang sitwasyon ng kapaligiran hindi lang sa ating bansa kundi sa buong mundo, umaabuso na ang mga tao sa kapaligiran. Kung ano ang siyang ikinayaman ng ating bansa, ang siya namang matinding pag-abuso ng tao rito. Ang lahat ng likas na yaman na ito ay unti-unti ng nawawala at nasisira (Nilad, Earth Island Institute, PAWS, et al., 2016). Ang simpleng pagtapon ng basura sa tamang basurahan ay isang malaking tulong para sa kalikasan. Isang hamon kung maituturing ang pangyayaring ito. Bagamat, ayon sa may-akda sa kanyang linya na:

*"Tawo ka, Tawo ka hinumdumi, Nakalimot ba ka?"*

Pumapasok sa linyang ito ang responsibilidad ng tao, kumbaga disiplina ng tao at pagmamahal ang pinakamahalaga sa ikabubuti at ikagaganda ng ating kapaligiran.

Gayundin ang isinulat ni K9 na pinamagatang ***"Hagawhaw"*** o *'Bulong'*. Mababanaag ang pagmamahal ng may-akda sa kapaligiran, isang saknong nito ang nakapapukaw sa mga tagapakinig:

*Ako nagatoo, gamit sa imong mga kusog na kamot*
*Ang pagbalik sa kaanindot ning atong palibot*
*Malipayon og dungan ni natong makab-ot*
*Kung gugma ang rason nga natukod ning kalibutan*
*Gugma usab ang tubag sa pagbalik sa nawagtang nga kagwapa.*

Batay sa isinulat ng may-akda, yaman ng tao na maituturing ang kapaligiran, dito nabubuhay ang tao at higit sa lahat tinitirahan ng anumang nilalang sa mundo. Inilarawan sa kanyang akda ang ganda at gamit nito sa lahat gayundin ang ideya ng tagasuri. Inilahad man niya ang ilang negatibo punto, tulad sa linyang: *"Ang atong personal nga ambisyon ang rason"*. Pinapatunayan nito ang pahayag ni Bautista (2016) na wala sa eleksiyon o sa susunod na pangulo ang magreresolba ng problema sa ating kapaligiran. Nangangailangan ito ng isang gobyernong tunay na naglilingkod sa mamamayan at kalikasan. Magagawa lamang ito sa isang radikal na pagbabago na lalahukan ng mga mamamayan. Kung kaya ang pagmamahal sa kapaligiran, ay pagmamahal sa buong sambayanan.

Pinapatunayan din ito sa balak na ***"Pinalanggang Nasod"*** o *'Bayan Kong Mahal'* ni K10 sa linyang:

*"Gisunod ko ang mga balaod,*
*Paglabog sa basura ug sakto".*

Sa kabuuan ng akdang ito na sinang-ayunan naman ng tagasuri, kinikilala ng mga mag-aaral ang kani-kanilang tungkulin bilang kabataan na pag-asa ng bayan sa pamamagitan ng pagsunod sa batas pangkapaligiran kung saan nagsisimula sa tahanan at paaralan. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili at pagmamahal sa kapaligiran ay obligasyon ng isang indibidwal para sa ikauunlad at ikabubuti ng buong sambayanan.

***Personal Patriotism***

Napapaloob naman ang Personal Patriotism sa akdang balak na pinamagatang ***"Ginikanan"*** ni K2 kung saan magkapareho ang tugon ng tagasulat at tagasuri.

Batay sa siping saknong na:

*"Among ginikanan wala kami laing gipangandoy*
*Kahumanan sa edukasyon among kab-oton*
*Maayung kaugmaon among maangkon".*

Pinapatunayan sa akdang ito mula sa may-akda na ang mga magulang ay siyang nagbibigay ng inspirasyon sa anak. Ayon nga kay Pyka (2017), ang patriotismo ay isa sa pangunahing emosyon ng tao. Sambit ng may-akda na ipinapahayag nito ang kahalagahan ng tungkulin ng bawat isa upang punan at magbigay inspirasyon sa ikabubuti at ikauunlad ng bawat isa. Nakatuon ito sa mga mamamayan, lugar, paraan ng pamumuhay ng tao. Ito ang ugat ng patriotism partikular ang personal. Dagdag naman ni Artikulac (2016) ang pagpapakita ng pagpapahalaga, pagtatagyod at pagmamahal sa bawat isa ng magulang at anak ay isang maiging paraan na maipakita ang patriotismo hindi lang sa isa't isa maging sa ibang tao dahil sa tahanan nagmumula ang mabuting pag-uugali ng tao.

Tugon naman ng tagasuri bilang kabuuan na, ang mga magulang ang dahilan kung bakit ang mga anak ay patuloy na lumalaban sa kabila ng mga dagok sa buhay. Ang mga anak din ang dahilan kung bakit patuloy na nagsisikap ang mga magulang upang matustusan ang kani-kanilang mga pangarap sa buhay lalong-lalo na ang edukasyon. Ang pagkakaroon ng magandang edukasyon ay isang magandang hangarin para maipakita ang pagmamahal sa bayan.

Patunay ito na ang mga mag-aaral bilang isang aktibong kabahagi ng mamamayan ay may personal na patriotismo sa mga umiiral na mga bagay sa lipunang kanyang kinagagalawan. Bagkus, ang mga akdang patula tulad ng balak ay isang magandang plataporma sa pagpapahayag ng papuri sa Maykapal sa lahat ng bagay na ipinagkaloob Niya sa tao maging ang inspirasyon na ibinibigay ng mga magulang at ng kapwa tao.

***Official na Patriotismo***

Sa akdang balak naman na ***"Paghigugma sa Nasod"*** o *'Pag-ibig sa Bayan'* parehong tumutuon sa ekspresyon at pananaw sa pagmamahal sa bayan. Ang akdang ito ay katangian ng *official* na patriotismo na akma sa tugon ng tagasulat at tagasuri. Binigyang-diin ni Primoratz (2002), na nakasalalay ang patriotismo na ito sa kinikilos ng taong nagmamahal sa bayan tulad ng pag-awit sa himno ng bansa, pagbandera ng watawat at iba pa.

Kagaya ng isa sa mga siping saknong sa akdang balak na ***"Paghigugma sa Nasod"*** o *'Pag-ibig sa Bayan'* ni K3:

*Pagsunod sa kinaadmang balaod*
*Pagtanod sa lungsod atong isunod*
*Pag-amping ug pagpatigayon*
*Pagtangkilik sa kaugalingong butang*
*Produktos yutang pinuy-anan, atong paliton.*

Binigyang diin sa bawat linyang ito ang pagsunod at paggalang sa batas ng bayan; at ang pagtangkilik sa sariling produkto ng bayan. Ang mga ito ay isang indikasyon ng pagmamahal sa bayan ayon sa may-akda. Ayon nga sa pahayag ni Coloma (2013) Ang pagsunod ng batas ay indikasyon na maipakita ang patriotismo sa bansa. Ito ay nilikha upang maging batayan para sa maayos na pamumuhay at pagkakaroon ng organisadong lipunan. Ang mga batas na ipinapatupad sa alin mang lugar ay malinaw na nagsasabi sa tao kung ano ang dapat at kailangan nilang gawin para sa kabutihang panlahat.

Inilalarawan din ditto ang ilan sa mga mahahalagang katangian na maipapakita sa o*fficial* na patriotismo ng mga mamamayan. Ayon nga sa tugon ng tagasuri, *"Malaki ang ginagampanan ng pagsunod sa batas ng pamahalaan dahil ito ang magiging gabay para sa ika-uunlad ng bansa."*

Sambit ni Sepeda (2012), ang *official* na patriotismo ay isang pilosopiyang pansarili na naghahangad ng pambansang pag-unlad at pagkakaroon ng matatag na pagkakakilanlan na makikinabang ang lahat upang maprotektahan ang sarili at maging ang panlipunang kapakanan.

**Icon Patriotism**

Naaayon naman sa *icon patriotism* ang balak na ***"Nasod Ko, Sud-ungon Ta"*** o *'Bayan Ko, Masdan Mo'* na isinulat ni K4 na nakatuon naman sa tugon ng tagasulat at tagasuri.

Sa siping saknong na:

*Kaming mga Pilipino*
*Molaban bisan problemado*
*Walay gidaganan nga problema*
*Kay kaming tanan magkahiusa*

Ipinapahiwatig sa saknong na ito ayon sa manunulat ang *Bayanihan Spirit* bilang kultura ng mga Pilipino, handang ibuwis ang buhay para sa bayan. Sinasalamin ng tradisyong ito ang pagkakabuklod-buklod at mapayapang pagsasama at sistema ng tulungan sa isang pamayanan. Ipinapakita sa akda ang konsepto ng mga Pilipino na tulungan ang isa't isa lalo na sa mga oras ng pangangailangan na walang inaasahang anumang kapalit. Ang mga Pilipino ay lubos na naniniwala sa pagtulong sa kanilang "mga kababayan" sa anumang posibleng paraan na magagawa nila upang mapalawak ang tulong.

Ayon kay Coloma (2013) likas na matulungin at may malasakit sa kapwa ang mga Pilipino na nagpapalakas ng kaisipang ideyal na pamumuhay noon hanggang sa kasalukuyan. Sinang-ayunan naman ito ni Villanueva (2016) na hindi mapagkakaila na ang mga Pilipino ay may pagpapahalaga sa isang lipunang may pagtutulungan at pagkakapit-bisig sa mga panahon ng kaginhawaan at kahirapan. May kaakibat na responsibilidad sa kapwa ang pagiging Pilipino na isa nang manipestasyon hanggang sa mga kapanahunan ngayon.

Ito ay isang icon na maituturing na sumasagisag sa ugaling maka-Pilipino lalong-lalo na kapag may kalamidad o sakuna tulad nalang ng CoViD-19, bagyo at lindol. Likas din sa mga Pilipino ang pagiging matatag ang loob kahit anumang problemang darating, patuloy pa rin ito sa buhay. Tugon nga ng tagasuri *"Ang pagkakaisa ay isang mabuting gawi para sa ika-uunlad ng bansa, naipapakita nito ang pagmamahal sa bayan na angkop sa Icon patriotism"* Sa ilang katangiang nito, naipapamalas ang patriotismo na may malaking maidudulot sa bansa.

Ang Patriotismo ay may apat na komponent, espesyal na pagmamahal sa bayan, kinikilala ng isang tao ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang tinubuang lupa, interesado sa kapakanan ng bansa at pagsasakripisyo para sa bansa. Ang apat na komponent na ito ay napatunayan sa mga inilahad ng may- akda sa isinulat na balak.

***Nationalist Symbolic Patriotism***

Kaakibat ng *nationalist symbolic patriotism* ang konstitusyonal patriotismo na ang layunin ng konstitusyon ay pagkamakabayan, bilang isang hanay ng mga paniniwala at pagpapasya ay upang paganahin at itaguyod ang isang demokratikong anyo ng patakaran na libre at pantay na mga mamamayan ay maaaring pangatwiranan ng bawat isa (Muller, 2008).

Ang pahayag na ito ay pinapatunayan sa ilang saknong ng balak na isinulat ni K6 na pinamagatang ***"Pagkahuman sa Piniliay"*** o *'Pagkatapos ng Halalan':*

*Hapsay kuno karon ang piniliay milabay*
*Kay gamay ra kuno ang porsyento ang gipatay*
*Dili kuno pareho sa mga niaging eleksyon*
*Mga kagubot ug kaguliyang ang naangkon.*

Ipinahayag ng may-akda sa kanyang balak ang mga hinaing o opinyon tungkol sa kalagayan ng mga tumatakbong kandidato sa halalan sa Pilipinas. Bawat isa ay may sariling tunguhin mabuti man ito o masama bagkus ang Pilipino ay nasa demokratikong pamamahala hindi ikakatwang naglalabas ng mga saloobin ukol dito. Sinangayunan naman ito sa pahayag ni Nair (2017) na sa kasalukuyan, ang pagpapangalaga sa kalayaan sa pagpapahayag ng saloobin ay hindi na nangangailangan ng paghahandog ng buhay kundi ng paglalaan ng panahon para makalahok sa demokratikong proseso.

Pinatutuhanan naman ito ng kabuuang tugon ng mga tagasuri na *"Ang bawat indibidwal ay may kalayaang magpahayag ng kani-kanilang saloobin o ideya alinsunod sa ikabubuti ng mamamayan at bansa."* Dagdag pa nito, ang patriotismo ay sumisimbolo sa pagkademokratiko ng bansa o sa pagiging malaya ng mga Pilipino at sumusimbolo sa pagkakapantay-pantay ng bawat isa na pinaiiral ng pamahalaan.

**Symbolic Patriotism**

Ang watawat ng Pilipinas ay hindi lamang simpleng habi ng tela, ito ay mala-perlas na habi ng tela na siyang kumakatawan sa pagkakakilanlan ng isang bansa. Datapwa't, isang simbolismo ang isang watawat sa isang bansa. Dito papasok ang *symbolic patriotism.* Ayon kay Billing (2015) ang simbolong dala ng watawat ay nakakaapekto sa isang mamamayan sa kritikal na pamamaraan dahil ang bawat bahagi ng awiting pambansa ay may sinisimbolo gayundin ang pambansang watawat na ito mismo ang kumakatawan sa bansa na ipinagmamalaki ninuman. Ito ay ibinahagi sa akdang pinamagatang ***"Respeto"*** o *'Paggalang'* ni K7 Makikita sa siping pahayag sa ibaba ang kaugnayan nito sa uri ng patriotismong simboliko:

*Pagrespeto sa bandera*
*simbolo sa atong pagkapilipino*
*Nagpakita kini ug unsa ta ka maayu*
*unsa tang pagtawo*
*Unsa ta ka respetado*

Ito ang binigyang tugon ng may-akda sa kanyang balak na pinamagatang "Respeto". Ibinahagi niya ang ilang hindi kanaisnais na gawi ng mga Pilipino tulad ng hindi paghinto habang inaawit ang Lupang Hinirang, ang simpleng pagtapat ng kamay sa dibdib. Sinang-ayunan naman ito ng tagasuri na bigyang pansin ang ganitong sitwasyon dahil ang pagrespeto sa watawat ay nagsisilbing pagkakakilanlan bilang isang Pilipino. Bagkus, nangibabaw pa rin ang tunguhin ng may-akda na habang inaawit ang Lupang Hinirang kinakailangang nakatindig at nakatingin sa bandila nitong bansa na nagpapakita ng pagrerespeto, paggalang at pagmamahal sa bansang sinilangan dahil sa paraang ito naipapakita ang pagiging patriotismo ng mga Pilipino.

***Capital Patriotism***

Ayon kay Grimwald (2015), ang pagiging patriotiko ay mahirap para sa ibang negosyo. Ang tao ay takot pagdating sa katotohanan at takot na tanggapin ang malupit na katotohanan sa kanilang paligid. May mga taong takot sa kanilang responsibilidad na gawin ang tungkulin nila sa buhay. Ito ay tumutukoy sa *capital patriotism.* Pinatunayan ito sa balak na isinulat ni K8 na pinamagatang ***"Pagsinati"*** o *'Karanasan'* sa kanyang huling saknong:

*Busa kita magpadayun nga magbalantayon*
*Kay ang kalisod tungod ra nato gihapon*
*Og busa magpadayun ta sa paghinampuon*
*Aron atong nasud mulongtad gihapon*

Tinutumbok sa pahayag na ito isinulat na ang pagiging mapagmatyag sa mga pangyayari ng ating bansa ay isang malaking dangal para sa kapakanan ng nito. Nasa kamay ng mga Pilipino ang ikauunlad ng bansang Pilipinas, ganoon rin ang pagbagsak nito. Ayon sa kabuuang tugon ng mga tagasuri, kung lahat lang ay may pagmamalasakit at pagmamahal patuloy na babangon at uunlad ang ating bansa.

Bilang kabuuang resulta sa pag-aaral, makikitang apat (4) ang pumili sa *environmental patriotism.* Batay sa obserbasyon ng mananaliksik, simula palang ng pagsusulat ng balak marami ng mag-aaral ang nagsasabing mas pipiliin ang *environmental patriotism* dahil malawak ang kaalaman nito at madaling naiuugnay sa kasalukuyang sitwasyon ng kapaligiran. Mas binigyang puwang ang kahalagahan at kagandahan ng kalikasan. Ang ibang uri ng patriotismo naman mapapansing tig-iisa lang, sapagkat kinakailangan pa itong pag-aralan o gumawa ng mga pagsasaliksik upang mas mapatibay ang pagsusulat ng isang akda.

Mahalagang bigyang tuon ang iba't ibang uri ng patriotismo dahil patuloy na nagbabago ang panahon, marami na ang umusbong na nakaimpluwensiya sa pagkatuto ng isang tao. Kaya sa mga pagbabagong ito, harapin at bigyan ng aksyon para ito'y matagumpayan. Sa pag-aaral ng patriotismo makikita ang kakulangan na maaring bigyang solusyon para sa ikabubuti sa sarili maging sa buong sambayanan.

Sa panig naman ng guro, ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing gabay o reyalisasyon dahil isa ang guro bilang ehemplo sa pagpapalawak ng damdaming patriotismo ng mga mag-aaral. Hindi man direkta itong ituturo ang patriotismo pero sa pamamagitan ng mga gawain sa paaralan na maipapakita o mapapalawak ang damdaming patriotismo ng mag-aaral. Ganunpaman, maituturo ito ng mahusay kung mismo ang guro nagpapakita rin damdaming patriotismo dahil kailangang malaman ang kahalagahan at kahulugan ng tunay na responsibilidad.

**Pagkakatugma ng mga Uri ng Patriotismo na Napapaloob sa mga Balak na Natukoy ng Tagapakinig**

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang pagkakatugma ng mga uri ng patriotismong napapaloob sa mga balak na natukoy ng tagapakinig. Pawang ang mga tagapakinig ay ang mga Junior na mag-aaral ng Paku National High School na nangunguna kasanayang pagsulat sa Filipino.

Ang tugon ng mga tagapakinig ay makabuluhan sapagkat dito makikita ang pagkakatugma ng uri ng patriostismong napapaloob sa sampung napakinggang balak na itinanghal ng mga piling mag-aaral mula sa tugon ng tagasulat at tagasuri. Mahalagang malaman ang resulta na ito upang mailahad kung ano ang nangingibabaw na patriotismo ng mga isinulat na balak ng mga tagapakinig.

Dalawang balak dito ay hindi makakatugma ang tugon ng tagapakinig sa tugon ng tagasulat at tagasuri. Ang dalawang balak na ito ay *Gugma sa Diyos, Dili Matupngan* at *Pinalanggang Nasod.* Mula sa magkatugmang uri ng patriotismong natukoy ng tagapakinig, lumilitaw na ang mga balak na ito ay nagkakaroon ng direktang paglalahad na may kaugnayan sa uri ng patriotismong natukoy ng tagapakinig. Subalit, ang dalawang magkaibang natukoy ng tagapakinig ay tumutuon sa magkaugnay na aspekto ng uri ng patriotismo sa ibang uri nito kung saan

| | Mga Balak | Tagasulat | Tagasuri | Tagapakinig |
|---|---|---|---|---|
| 1 | **Gugma sa Diyos, Dili Matupngan** | Environment | Environment | Personal |
| 2 | **Ginikanan** | Personal | Personal | Personal |
| 3 | **Paghigugma sa Nasod** | Official | Official | Official |
| 4 | **Nasod Ko, Sud-ungan Ta** | Icon | Icon | Icon |
| 5 | **Kalibutan, Ampingan** | Environment | Environment | Environment |
| 6 | **Pagkahuman sa Piniliay** | Nationalist Symbolic | Nationalist Symbolic | Nationalist Symbolic |
| 7 | **Respeto** | Symbolic | Symbolic | Symbolic |
| 8 | **Pagsinati** | Capital | Capital | Capital |
| 9 | **Hagawhaw** | Environment | Environment | Environment |
| 10 | **Pinalanggang Nasod** | Environment | Environment | Official |

inilahad ng balak.

**Talahanayan 2.** *Pagkakatugma ng Uri ng Patriotismo na Napapaloob sa mga Balak na Natukoy ng* Tagapakinig

Sa dalawang balak na ito, pawang ang tagasulat at tagasuri ay pareho ang tugon sa uri ng patriotismo. Sa *"Gugma sa Diyos, Dili Matupngan",* ito ay inihanay ng tagasulat at tagasuri sa environment patriotism. Samantala, tinukoy naman ito ng tagapakinig sa hanay ng personal na patriotismo dahil isinaad dito ang pansariling pagmamahal sa Diyos sa mga bagay na pinagkaloob Niya. Dagdag pa, naniniwala ang tagapakinig na mas napapaigting ang personal na diwa ng balak sa akdang ito. Pinatunayan ito sa ipinahayag ng tagapakinig:

> *"Bilang isang mamamayang Pilipino, dapat sa sarili natin matuto tayong magpahalaga sa mga bagay na nasa paligid natin, lalong-lalo na't pagmamay-ari ito ng Poong Maykapal at dapat ito ay igalang at ingatan sa lahat ng panahon."*

Sa *"Pinalanggang Nasod"* naman, inihanay ito ng tagapakinig sa *official patriotism* kung saan taliwas sa tugon ng tagasulat at tagasuri. Tumutuon ang balak na ito sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga tuntunin ng pamahalaan. Sa pahayag ng tagapakinig,

> *"Bilang kabataan, tungkulin nating isapuso at itatak sa ating utak ang nakikitang problema ng bansa. Higit sa lahat ang pagsunod ng batas ay isang malaking tulong upang maipakita natin ang pagmamahal sa ating bansa."*

Pinatunayan ito sa pahayag ni Beden (2017) dapat ikintal sa isip at puso ng mga kabataan, ang pagpapahalaga sa kapakanan ng bansa, ang katapatan, pagtutulungan, pagiging disiplinado sa sarili at ang patuloy na pagsisikap upang umunlad ang bansa.

Sa magkakatugmang tugon ng tagasulat, tagasuri at tagapakinig, lumilitaw ang parehong pananaw ng tatlo sa walong akdang balak dahil sa nilalaman nitong konseptong literal na inilahad kung saan ito nakahanay na uri ng patriotismo. Sa akdang balak na *"Ginikanan",* ito ay nauuri sa ***personal na patriotismo*** na kung saan tumutuon sa mabuting gawi o ugali ng sa isang tao bilang pagkilala sa Diyos na Siyang tagapaglikha ng sanlibutan at ang mga magulang bilang tagapaggabay sa mga anak.

Pinatunayan ito sa kabuuang pahayag bilang tugon ng tagapakinig na:

> *"Ang pagpapasalamat at pagmamahal sa Dakilang Lumikha ay isang paraan upang maibalik natin kung anumang tinatamasa ng tao ngayon."*

Sinabi ni Eugenio (2005) na ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino ay isang natatanging pagkakakilanlan. Sa paraang ito, naipapakita ang pagmamahal sa kapwa at sa minamahal na bayan.

Bukod dito, makikita rin na ang ***environment patriotism*** sa balak na *"Kalibutan, Ampingan"* at *"Hagawhaw"* bilang tugon sa mga tagapakinig na pareho sa tagasulat at tagasuri na pumapaksa sa usaping pangkapaligiran. Ipinaliwanag ng tagasulat gayundin ng tagasuri na ang akda na ito ay tumutuon sa kahalagahan at kagandahan ng kapaligiran kung saan kinakailangan magampanan ng mga kabataan sa kasalukuyan at mabigyan ng proteksyon ito. Sa pahayag ng ilang tagapakinig:

> "*Ang Panginoon ang nagbigay ng magandang kapaligiran o tirahan natin. Huwag natin itong pabayaan dahil isa ito sa malaking biyayang pinagkaloob sa atin."*
>
> *"Mahalin at alagaan natin ang kapaligiran. Maaaring umpisahan ito sa wastong pagtatapon ng basura sa tamang lugar. Hindi pa huli ang lahat at sana magising tayo sa katotohanan."*

Sa ganitong paraan, makikitang may malasakit at pagmamahal sa kapaligiran na siyang tahanan ng iba't ibang nilalang sa mundo. Sinang-ayunan naman ito ng tagapakinig sa napakinggang balak na *"Kalibutan, Ampingan"* na sinabing:

> *"Bilang isang Pilipino, lahat ng anumang meron tayo, lalong-lalo na ang kalikasan ay bigay ng Poong Maykapal, kaya huwag natin itong siraan bagkus, paunlarin at mahalin". (K15)*

Nahihinuha ng ilang tagapakinig na isa sa tinutumbok ng naturang akda ay ang pagmamahal sa kapaligiran.

Sa sampung itinanghal na balak, walo ang magkakatugma na parehong tugon ng tagasulat, tagasuri at tagapakinig. Ito ay ang sumusunod: *Ginikanan*, *Paghigugma sa Nasod*, *Nasod Ko, Sud-ungan Ta*, *Kalibutan, Ampingan*, *Pagkahuman sa Piniliay*, *Respeto*, *Pagsinati* at *Hagawhaw*. Sinasabing magkatugma dahil may ilang aspeto sa bawat patriotismo na parehong nangingibabaw batay sa pagkaunawa ng tagasulat, tagasuri at tagapakinig.

Ang balak na pinamagatang *"Ginikanan"* ni Aeron Jester Delima, kung saan ipinapakita ang impluwensiya ng pamilya sa buhay ng isang tao, dagdag pa aniya ng tagasuri na sa akdang ito natutuhan ng isang tao ang mga kauna-unahang aral na kailangan sa buhay. Isinaad naman ng mga tagapakinig na sa pamilya unang nararamdaman ang pagmamahal, kasiyahan, kalungkutan, at inspirasyon. Dito unang nahuhulma ang pagkatao at personalidad ng bawat miyembro ng pamilya.

Ayon nga sa tugon ng tagapakinig na:

> *"Bilang isang anak, dapat pahalagahan natin ang mga magulang at pasalamatan sa lahat ng ginawa nila. Huwag kalimutang sa panahon na sila ay matanda na dapat alagaan at arugain ng lubos"*

Ayon kay Tumayo (2012) matatag na pamilya ang pundasyon ng mga dakilang bansa. Nakakatulong ito sa paghubog ng pagkatao ng bawat miyembro ng pamilya. Binigyang-diin din sa isinulat na balak ang edukasyon kung saan inilahad sa isang linyang sipi mula sa balak na ito: *"Kahumanan sa edukasyon among kab-oton, Maayung kaugmaon among maangkon"*. Hindi ikakailang gaano man kahirap ang isang pamilyang Pilipino, tinataguyod nito ang mga anak para makapagtapos ng pag-aaral. Ito lamang ang tanging yamang hindi mananakaw ninuman.

Sa balak naman na *"Nasod Ko, Sud-ungan Ta"* na napapalooban ng ***icon patriotism***, masasabing ang pagpapahalaga sa edukasyon ay isang napakalaking maidudulot sa bansa. Sinang-ayunan ito kapwa ng tagasulat at tagasuri gayundin ang tagapakinig na kung saan inilahad ng isang tagapakinig na:

> *"Naantig ako sa "Edukasyon among kab-oton" dahil ang makapagtapos sa pag-aaral ang tanging magbibigay ng ligaya sa aming magulang at maisusukli sa lahat ng sakripisyo at paghihirap nila"*

Ang pangunahing ginagampanan ng edukasyon ay ang paghubog sa indibidwal para sa kapakanang panlahat at personal na tagumpay. Bawat isa ay nararapat na makapag-aral upang umunlad at magkaroon ng pag-uugali at pananaw na nakadirekta sa pag-unlad ng lipunan at bansa (Masbuhin, 2017).

Pinatotohanan din sa isinulat na balak na pinamagatang "*Paghigugma sa Nasod"* na isinulat ni Maricel Budiongan ang pagbibigay ng halaga sa pagsunod sa batas ng pamahalaan, pagtangkilik sa sariling produkto, pagpapahalaga sa kulturang Pilipino, at pagiging mapagmatyag sa baying ginagalawan. At dahil sa mga inilahad na pahayag sa balak ito ay ngapapakita sa mga bagay na sumasalamin sa kultura ng bansa. Makikita sa talahanayan na ang isinulat na akda ay karamihan sa sagot ay ***official patriotism***. Ito ay napatunayan sa pahayag ng tagapakinig,

> *"Napukaw ako sa paraang bigyang halaga ang kulturang Pilipino at pagsunod sa batas ng pamahalaan para sa ikaaayos at ika-uunlad ng bansa."*

Gayundin, ang ***capital patriotism*** bilang tugon sa tagasulat, tagasuri at mga tagapakinig sa akdang balak na *"Pagsinati"*. Ipinahayag ng may-akda ang kanyang ideya ukol sa kalagayan ng ating bansa. Sa balak na ito masasabing tinutumbok lamang ng may-akda ang kapakanan ng buong bansa. Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Ariely (2017) na kailangang pagtulungan ng pamahalaan at ng mga mamamayan upang magkaroon ng katahimikan at kaayusan ang buong bansa.

Sa katunayan, ipinahayag ng tagapakinig na:

> *"Anumang krisis na pagdadaanan ng mga Pilipino, huwag mawalan ng pag-asa na masusulusyunan ang lahat kasabay ng pagdarasal nito."*

Mahalaga ang katatagan ng bansa na siyang layunin ng pamahalaan upang mapangalagaan ang karapatan, pag-aari at buhay ng mga mamamayang Pilipino higit sa lahat ang taimtim na pananalig sa Poong Maykapal.

Ilan sa reaksiyon ng tagapakinig na nagpapatunay nito:

> *"Ang Pilipinas ay pagmamay-ari ng mga Pilipino. Huwag natin itong ipagpalit sa kung anuman o sinuman bagkus, ipaglaban at paunlarin ng lubosan."*

Sa pag-aaral ni Encarnacion (2017) malaki ang gampanin ng mga kabataan sa usaping panlipunan, tulad na lamang ng halalan na isa sa mga pantay na karapatan ng bawat mamamayan sa isang demokratikong bansa. Hindi ikakatwang sa isinulat ni Diana Rose Amper na pinamagatang *"Pagkahuman sa Piniliay"* ipinahayag ang kanyang saloobin at ideya tungkol sa ugali ng mga kandidato pagkatapos ng halalan. Makikitang sa talahanayan na nauuri ito sa *nationalist symbolic* dahil ipinahayag nito ang mga saloobin ukol sa sitwasyon ng bansa sa panahon ng eleksyon. Pinatunayan ito sa ilang pahayag ng tagapakinig na:

> **"***Bilang isang mag-aaral ay dapat marunong kang pumili nang mga kandidato tuwing eleksyon, kandidato na siyang magbibigay ng katahimikan at kapayapaan sa ating bansa ngunit hindi ito mapagtatagumpayan kung hindi kikilos ang mga mamamayan."(K17)*

Sinuportahan ito sa pahayag ni Nelson (2002) ang mga namumuno sa bansa ang nagsisilbing tagagabay ng mga mamamayan, ang pagkakaisa at pagkakaintindihan sa bawat isa para sa ikauunlad ng bansa , iyon ang tunay na patriotismo. Isa pang pahayag ng tagapakinig na,

> *"Naantig ako sa mensaheng kung anuman ang pangakong binitiwan ng mga kandidato sa pangangampanya , ito ay gagampanan at tutuparin nila. Higit sa lahat dapat wag kalimutan ang responsibilidad bilang isang mamamayan at sundin kung anuman ang ipinapatubad ng batas"*

Bagkus, ang paghahangad ng magandang bukas para sa Pilipinas, lalo na sa pamamagitan ng paglilingkod at pag-aalay ng sarili para sa mithiing kaunlaran at kapayapaan. Walang anumang makinarya o propaganda ang makapipigil sa pagsusumikap, may boses ang bawat tao at ito ang gagamiting armas para maipakita ang pagmamahal sa bansa.

Ayon kay Ariely (2017), ang patriotismo ay ang pakiramdam ng pagmamahal, debosyon, nag-aalab na damdamin at pakikipag-isa sa mga taong may kaparehong pag-ibig sa bayan. Ang mga ganitong gawain ay nagpapakita ng pagrespeto sa kanya-kaniyang bansa dahil ang bawat bansa ay nagbibigay ng respeto sa pambansang awit at watawat. Ito ang kumakatawan sa kanilang bansa. Sa isinulat ni Jean Baloloy na pinamagatang *"Respeto"* na binigyan niya ng katuturan ang pagrespeto sa watawat na maituturing na *symbolic patriotism* nakapwa magkatugma ang tugon ng tagasulat, tagasuri at tagapakinig.

Sa ilang pahayag ng mga tagapakinig sinabing;

> *"Ang paggalang o pagrespeto sa watawat ay pagrespeto rin sa ating mga sarili at sa buong bansa."*

Pinatunayan ito sa pahayag ni Skitka (2015) ang bandila ng mga bansa ang pinakamahalaga sa paglago o pagproseso ng bansa dahil marami silang paniniwala, kultura at tradisyon na sumisimbolo kung paano sila nagkakaisa.

Base sa Section 28 ng Republic Act no. 8491 kapag nagsimula nang tumugtug ang pambansang awit kinakailangan tumayo at umawit ng buong puso sa pagpapakita ng respeto at kung walang watawat na nakalagay humarap sa namumuno o kung sino ang nasa unahan. Kung kaya, mapapansin ito ay nauuri sa simbolikong uri ng patriostismo. Ayon pa sa ilang pahayag ng tagapakinig:

> *"Ito ay sumisimbolo sa ating pagkapilipino lalong lalo na ang mga bayaning ibinuwis ang kanilang buhay para sa ating bayan. Kaya nga may ilang batas na ipinatupad ng Pamahalaan ukol dito. Huwag natin itong ipasawalang kibo nalang"*

Ang pagsagisag ng watawat at pag-awit ng pambansang awit ay magdudulot ng pagiging patriotismo at nasyonalismo ng mga taong nakakarinig at nakakakita nito. Ang ipagmalaki ng isang mamamayan ang kanyang pagiging Pilipino ay ilan lamang sa mga paraan na maaring gawin upang maipakita ang pagiging mabuti at mapagmahal sa bayan o patriotismo.

> *"Huwag nating isisi sa Gobyerno ang paghihirap, bagkus ang nararanasang paghihirap ay paraan upang magsumikap na umunlad ang pamumuhay ng isang tao, at higit sa lahat umunlad ang ekonomiya ng Pilipinas"*

Gayunpaman, mahihinuhang iilan lamang ang hindi pagkakatugma ng uri ng patriotismong napapaloob sa akda sa tugon tagasulat, tagasuri at ng mga tagapakinig. Pinapatunayan lamang ito na iba-iba ang interpretasyon o pananaw ng mga tagapakinig mula sa kanilang napakinggan. Isang pakahulugan ito na ang patriotismong napapaloob sa balak ay kombinasyon ng ibang uri nito. Malaking halaga ang pag-unawa sa mga balak sa mga tagapakinig nito upang lubos na maintindihan ang nilalaman ng akda. Pinatunayan ito sa isinagawang pag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga patriotismong natukoy sa mga balak ay nagpapakita pa rin ng natatanging pagkataong nagbibigay ng makabuluhang pakahulugan ng pagiging patriotikong mamamayan. Kung kaya, ang akdang balak ay katangi-tangi na siyang pinagmumulan ng mabubuting damdamin at kaisipan patungkol sa patriotismo, na nararapat na panatilihing buhay bilang saligan sa pag-abot ng kanilang mga hangarin sa buhay.

**Konklusyon**

Ang balak ay isang natatanging akdang panrehiyon ng Kabisayaan na maaring magbigay ng instrumento upang mas makilala ng mga kabataan ang tunay at tanging puso ng pagiging patriotiko. Naipahayag sa pamamagitan nito ang bugso ng damdamin, saloobin at ideya ng mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang paksa ng patriotismo. Bukod dito, naipapakita nito ang pagmamahal sa makalumang panitikan gayundin ang bayang sinilangan.

**MGA SANGGUNIAN**


[1] Alieva,S., Bilalov M., Gadzzhiev P., at Dzhamila S. (2018). Pedagogical technology for Identifying the Level of Patriotism Formation in Senior School Students within actualization of Social Commitment and Initiative. *Journal of Social Studies Education Research*, 9 (2), pp. 329-348.

[2] Alunsay J., Balunsay J., at Tindugan S. (2017***).*** Tigsik at Tirigsik: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas. *Malay*, 30, pp. 38-50.

[3] Artikulac A. (2016) Patriotism and Global Citizenship as Values: A Research on Social Studies, Teacher Candidates, *Journal of Education and Practice*, 7 (36), pp. 48 -52.

[4] Aziz, S. (2017). Elements of Patriotism in Pahlawan Pasir Salak"Novel. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, 7(3) pp. 847. http://doi.10.6007/IJARBSS/v7-3/2859

[5] Benton P. (2007). Unweaving the rainbow: Poetry teaching in the secondary school *Oxford Review of Education*, 25(4), pp. 521-531. https://.jstor.org/stable/1050648

[6] Braun, V. at Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. QualitativeResearch in Psychology, *Scandinavian Journal of Educational Research*. http://doi.10.1080/00313831.2019.1650823

[7] Brecht C. (2009). The other tradition: Populist perspectives on teaching poetry. *English Journal*, 41 (2), pp. 1912–2005. http:www.jstor.org/stable/40173329

[8] Catipay, T. M. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kuwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7 (1) pp. 7-14.

[9] Coloma, R. (2013). Care of the Postcolonial Self: Cultivating Nationalisms in the Philippine Readers. *Qualitative Research in Education*. *Hipatia Press*. http://doi 10.4471/qre.2013.30

[10] Green, A. (2016). Actual Texts, Possible Meanings: The Uses of Poetry and the Subjunctification of Experience. *Changing English Studies in Culture and Education*, 23 (4), pp. 351-362. http://doi.10.1080/1358684X.2016.1203247

[11] Guillermo, A. (1987). *Social Realism in the Philippines.* Asphodel Books Publishing, Quezon City, Philippines

[12] Hasnita, K. at Haizam, M. (2011). *The Importance of Patriotism in Malaysian Education. JATI – Journal of Southeast Asian Studies,* 16, pp. 23-24.

[13] Kraevskiy, V.V. (2001). *Methodology of pedagogy. – Cheboksary*: Chuvash University Publishing House.

[14] Lopez, A. (2011). Culturally relevant pedagogy and critical literacy in diverse English classrooms: A case study of a secondary English Teachers activism and agency English Teaching. *English Teaching: Practice & Critique*, pp. 75-93. http://education.waikato.ac.nz/research/journal/index.php?id=1

[15] Mclister, A. (2007) Finding a Voice? Do literary forms work creatively in teaching poetry writing? *Cambridge Journal of Education*, 37(3), pp. 441-457 https://doi.org/10.1080/03057640701546789

[16] Nares, A. M. (2018). *Tematikong Analisis sa mga Piling Tulang Tomasian: Pinagyamang Silabus*. Cebu Normal University, Cebu City, Philippines.

[17] Nibalvos, I. M. (2018). An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan. *Malay*, 31 (1) pp. 55-67.

[18] Peters, M. A. (2019). Trump's nationalism, the end of globalism and the age of patriotism: 'the future does not belongto globalists. The future belongs to patriots. *Educational Philosophy and Theory*, 5. http://doi.org/10.1080/00131857.2019.1678447

[19] Primoratz, I. (2002). Patriotism. Humanity Books, 2002. ISBN 1-57392-955-7. Kuha mula sa https://www.newworldencyclopedia.org/entry/Patriotism

[20] Rubin, L.T. et al. (2001). *Panitikan sa Pilipinas.* Maynila: Rex Bookstore, Inc., Philippines

[21] Saga, R. (2014). *Pinaunlad na pangglobal na pagsasanay sa wika at panitikan: Pagsusuri sa instruksyon modyular*. Di-Naithalang Tesis. Southern Leyte State University-Tomas Oppus

[22] Tañada, L. (1955). *The future of Filipino nationalism. Mula kay J.Abueva, Filipino nationalism: Various meanings, constant and changing goals, continuing relevance.* Quezon Cty: UP Press.

[23] Snapper, G. (2013). Exploring resistance to poetry in advanced English studies. In S. Dymoke, A. Lambirth, & A. Wilson (Eds.). *International Research on Poetry Pedagogy,* pp. 31–41. London: Bloomsbury Academic.

[24] Sitti, L. et al. (2015). Making poetry matter. *International Research on Poetry Pedagogy***.**London: Bloomsbury Academic.

[25] Tarman, B. (2017). Editorial: The Future of Social Sciences. *Research in Socia l Sciences and Technology,* 2(2). Kuha mula http://ressat.org/index.php/ressat/article/view/329

[26] Tarman, B. at Chigisheva, O. (2017). Editorial for Special Issue: Transformation of Educational Policy, Theory and Practice in Post-Soviet Social Studies Education. *Journal of Social Studies Education Research*, 8 (2), pp. 1-4. Kuha mula http://dergipark.gov.tr/jsser/issue/32450/360860

[27] Tarman, B. at Dev, S. (2018*). Editorial: Learning Transformation through Innovation and Sustainability in Educational Practices*. *Research In Social Sciences and Technology, 3*(1), pp. 1-7. Kuha mula http://ressat.org/index.php/ressat/article/view/363

[28] Vanzuela, P. et al. (2016). *The future of Filipino nationalism. Mula kay J. Abueva, Filipino nationalism: Various meanings, constant and changing goals, continuing relevance*. Quezon Cty: UP Press.

[29] Villanueva, V. M. (2016). Makabayang Pedagohiya sa Pagpapatupad ng OBTEC (Outcomes-Based Curriculum) Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila. *The Normal Lights.* Philippine Normal University, Manila, Philippines, 10, (2).